
3

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 3: Kakayahan sa Paggawa




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q1_EsP 3_ Module 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 3: Kakayahan sa Paggawa**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Helen Grace A. Navaja

**Editor:** Althea S. Llameg, Arlene U. Lastimoso, Jocelyn E. Oyog

**Tagasuri:** Ame Grace I. Pamongcales, Edwin C. Pameroyan, Menard M. Arenas
Chomadith Loian J. Hechanova, Gloria Castro-Sabanal
Edgardo D. Pamugas III

**Tagaguhit:** Marco R. Abellon

**Tagalapat:** Marco R. Abellon

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo
Mary Jeanne B. Aldeguer
Analiza C. Almazan
Ma. Cielo D. Estrada
Lorenzo E. Mendoza
Felix I. Antecristo
Ernie E. Agsaulio
Nelia Q. Madelo
Alirna O. Andoy

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

# 3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 3: Kakayahan sa Paggawa

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# Alamin

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa pagpapahalaga sa kakayahan natin sa paggawa ng mga bagay-bagay. Ang bawat detalye at laman nito ay maingat at mabusisi na ginawa para sa ating mga mag-aaral.

Ang modyul na ito ay naglalaman ng isang aralin at mga pagsasanay na naglalayong maintindihan nang lubusan, at sa katapusan ng aralin ang mag-aaral ay inaasahang:

- napahahalagahan ang kakayahan sa paggawa (EsP3PKP- Ib 15).



# Subukin

Basahin at sagutin ang mga pangungusap sa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang iyong mga kasagutan.

1. Ang tao ay tinatawag na _____ dahil sa kaniyang kakayahang gumawa ng isang mahalagang bagay nang may kahusayan.

   A. bukod tangi
   B. kakaiba sa lahat
   C. obra maestra ng Diyos
   D. mas mataas ang antas sa hayop

2. Masayang ginagawa ni Jose ang kaniyang mga tungkulin sa bahay at paaralan. Ano ang ugaling ipinapakita ni Jose?
   A. Pagmamahal
   B. Pagiging responsible
   C. Pagpapahalaga sa gawain
   D. Pagwawalang bahala sa mga ginagawa

3. Ang kaugaliang pagpapahalaga sa mga gawain ay nakikita sa _________ ng isang tao.
   A. ngiti
   B. kilos
   C. buhay
   D. mukha

4. Ano ang maidudulot sa ating puso kung pinahahalagahan natin ang ating mga ginagawa?
   a. Kaba
   b. Katahimikan
   c. Kaligayahan
   d. Kapanatagan

5. Malungkot si Mercy nang makita niyang mababa ang kaniyang marka sa ginawang proyekto pero aminado siyang hindi niya ginalingan ito. Ano ang aksiyong ipinakita ni Mercy sa kaniyang gawain? Walang____________
   a. pagtitiyaga si Mercy.
   b. interes sa ginagawa.
   c. pagpapahalaga sa gawain.
   d. pakialam sa magiging resulta.

Aralin 1

# Kakayahan sa Paggawa

## *Balikan*

Kaya ko, Magagawa ko!

Sa ikalawang modyul ay natutuhan mo ang kahalagahan ng kakayahan na may pagtitiwala sa ating sarili na gumawa ng mahahalagang bagay.

Sa araling ito ay ating tatalakayin ang natatanging kakayahan ng tao sa paggawa ng mga bagay-bagay. Mabibigyan diin din sa araling ito na tayong mga tao ay bukod tanging nilikha sa mundo dahil taglay natin ang kakayahang mag-isip ng kritikal at rasyonal. Upang mas mapabuti pa natin ang ating mga ginagawa araw-araw, kailangan nating pahalagahan ang mga ito.

Tandaan: Ang pagpapahalaga sa ating mga gawain ay makatutulong para mas magiging magaling at produktibo tayo sa araw-araw at ito ay hindi nangangailangan ng tamang edad, estado sa buhay, o kayamanan. Ang pinakamahalaga ay kaya nating pahalagahan ang mga bagay na nagpapasaya sa ating paggawa at maglaan ng kasipagan habang ito ay ating ginagawa.

## Tuklasin

Gawain

Panuto sa gawain:


1. Gumupit ng isang larawan mula sa magasin, diyaryo, o maging sa isang lumang aklat na nagpapakita ng pagpapahalaga sa gawain.
2. Idikit ito sa isang malinis na **bond paper**.
3. Ang mga tanong sa ibaba ang magsisilbi mong gabay para sa iyong gagawing maikling sanaysay tungkol sa larawan.
   a. Anong klaseng pagpapahalaga ang iyong nakikita sa larawan?
   b. Nakakitaan ba ng giliw at responsableng paggawa ang nasa larawan? Bakit?
   c. Ikaw, kaya mo bang gawin ang nasa larawan? Maaari mo bang isalaysay kung papaano mo ito gagawin?

## Suriin

Gawain 1

Suriin ang mga larawang nasa kahon. Sagutan sa malinis na papel ang gawain na nasa ibaba.









| Mga Kilos na Makikita sa Larawan | Maglagay ng **tsek** (√) kung ito ay makikita sa larawan at **ekis** (**x**) naman kung hindi ito nakikita sa larawan. |
|---|---|
| 1. Masayang ginagawa nila ang mga tungkulin. | |
| 2. Nababagot habang walang ginagawa. | |
| 3. May pagpapahalaga sa gawain ang mga bata sa larawan. | |
| 4. Walang interes sa mga ginagawa ang mga tauhan sa larawan. | |
| 5. Masaya habang ginagawa ang gawain kaya produktibo ang bawat bata sa larawan. | |

## Pagyamanin

Pagmasdan nang maigi ang bawat larawan. Ito ay iilan lamang sa mga paboritong gawin ng mga batang katulad mo. Ginagawa nila ito nang buong husay upang ipakita ang pagpapahalaga sa mga gawain na ibinigay ng kanilang mga magulang at guro.







Punan ng sagot ang mga bilang na nakapaloob sa kahon ayon sa hinihingi ng bawat kolum. Isulat ito sa isang papel.

| Ang Aking mga Paboritong Gawain | Pinahahalagahan ko ito sa pamamagitan ng |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |



## *Isaisip*

Laging tandaan na ang pagpapahalaga sa ating mga gawain ay makatutulong para mas magiging magaling at produktibo tayo sa araw-araw at ito ay hindi nangangailangan ng tamang edad, estado sa buhay, o kayamanan. Ang pinakamahalaga ay kaya nating pahalagahan ang bagay na nagpapasaya sa ating paggawa at maglaan ng kasipagan habang ito ay ating ginagawa.

Sa kahit anumang pagkakataon, palagi nating gawin ito nang tama at buong husay. Sa ganitong paraan, tayo ay magtatagumpay sa ating mga gawain na magdudulot ng tunay na kaligayahan sa ating buhay. Higit sa lahat, ating itanim sa ating puso at isipan na dapat magkaroon tayo ng silbi sa ating pamilya at sa lipunan bilang isang produktibong mamamayan.

# Isagawa

Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap na nasa ibaba. Lagyan ng tsek (√) ang patlang kung ito ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa gawain, ekis (×) naman kung hindi. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong mga sagot.

_____1. Masaya ako sa tuwing naghuhugas ng pinggan.

_____2. Sa tuwing ako ay gumuguhit pinagsisikapan kong makagawa ng isang maganda at makulay na gawa.

_____3. Nababagot ako sa tuwing nagbabasa ako ng libro.

_____4. Bakit kaya ako naiinis sa tuwing inuutusan ako ni nanay?

_____5. Gustong-gusto kong tumutulong sa mga gawaing-bahay tuwing walang pasok.

_____6. Tinatamad akong maglinis ng aking silid.

_____7. Tuwing gabi ginaganahan akong mag-aral ng aming leksiyon bilang paghahanda ng aking sariling kinabukasan.

_____8. Hindi ako tumutulong sa aking kagrupo sa paglilinis ng aming silid-aralan.

_____9. Matamlay ako sa tuwing ginagawa ko ang aming mga asignatura.

_____10.Magsisikap ako sa pag-aaral upang magkaroon ng matataas na marka.

# Tayahin

Basahin at unawain nang mabuti ang bawat pangungusap. Piliin ang tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

1. Magaling si Rose sa larangan ng paglikha ng maikling tula, ngunit madalas hindi niya ito natatapos dahil mas inuuna niya ang paglalaro. Ano ang ipinakikitang aksiyon ni Rose sa kaniyang gawain? Walang________________________
   A. gana sa pagsusulat.
   B. interes sa mga ginagawa.
   C. pagpapahalaga sa gawain.
   D. direksiyon ang mga ginagawa.
2. Ang pagpapahalaga sa gawain ay isang uri ng kagandahang_________?
   A. loob
   B. budhi
   C. buhay
   D. mukha
3. Madalas na nag-eensayo si Arthur sa pagguhit bilang paghahanda niya sa darating na paligsahan at hindi siya nabigo dahil nakuha niya ang unang puwesto sa patimpalak. Ano ang kilos o ugaling ipinakita ni Arthur sa kaniyang gawain? May___________
   A. disiplina sa sarili
   B. pagmamahal sa sarili
   C. dedikasyon sa buhay
   D. pagpapahalaga sa gawain
4. Ano-ano ang kilos ng isang tao na may pagpapahalaga sa kaniyang gawain?
   A. Mabusisi at pihikan sa mga gawain.
   B. Masaya at magaling sa kaniyang ginagawa.
   C. Mas maraming oras sa mga bagay na hindi mahalaga.
   D. Tamad at maraming dahilan para hindi makagawa ng mga bagay na inihabilin sa kaniya.

5. Bakit kailangang matuto ang isang bata na pahalagahan ang kaniyang mga gawain o gagawin? Para magkaroon siya ng ___________________
   A. disiplina sa sarili.
   B. direksiyon sa paggawa.
   C. magandang buhay sa hinaharap.
   D. pagpahalaga ang anumang gawain.

## *Karagdagang Gawain*

Pagkatapos mong naiwasto ang iyong mga kasagutan sa Tayahin, suriing muli ang mga bilang na naging mali o ekis (X) ang iyong sagot. Magkaroon ng pagninilay-nilay sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na tanong:

- Bakit hindi mo ito napahahalagahang gawin?

- Ano ang maaari mong gawin para ito ay maging bahagi ng iyong kalakasan o talento at mapahahalagahan pagdating ng araw?

Isulat ang iyong mga kasagutan sa kuwaderno. Gawing payak at diretso sa punto ang iyong paliwanag.

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin p. 1-2 | Suriin p. 4<br>Gawain 1 | Isagawa p. 7 | Tayahin p.8 |
|---|---|---|---|
| 1. a | 1. √ | 1. √ | 1. d |
| 2. c | 2. x | 2. √ | 2. b |
| 3. b | 3. √ | 3. X | 3. d |
| 4. c | 4. X | 4. X | 4. b |
| 5. c | 5. √ | 5. √ | 5. c |
| | | 6. X | |
| | | 7. √ | |
| | | 8. X | |
| | | 9. X | |
| | | 10. √ | |

# *Sanggunian*

Caraan, Maria Carla M., Victoria V. Ambat, Leah D. Bongat, Rosa Anna A. Canlas, Rodel A. Castillo, Rolan B. Catapang, Irene C. de Robles, Erico M. Habijan, Marilou D. Pandiño, Violeta R. Roson, Rubie D. Sajise, Portia R. Soriano. *Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikatlong Baitang : Kagamitan ng Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya.* Unang Edisyon. Edited by Erico M. Habijan at Irene C. De Robles. Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat, 2014.

Bognot, Regina Mignon C., Romualdes R. Comia, Sheryll T. Gayola, Marie Aiellen S. Laagrde, Marivic R. Leańo, Eugenia C. Martin, Marie Ann M. Ong, Rheamay T. Paras. *Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikawalong Baitang: Modyul para sa Mag-aaral.* Unang Edisyon. Edited by Luisita B. Peralta. Pasig City: Department of Education - Instructional Materials Council Secretariat, 2013.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph